# BAGAHE NG MGA GURONG PART-TIMER

Mark Anthony S. Salvador

## STAPLER

5:25 PM na sa cellphone ni Donna nang dumating siya sa faculty room. Binilang niya ang tao. Trese. Walo ang sa kanilang department, English, at lima naman ang sa Filipino.

Walang kaimik-imik ang mga coteacher niya. Parang mga daliri ng relo. Mekanikal ang mga galaw. Tiningnan niya ang salansan ng questionnaire ng mga ka-department niya. Makakapal na.

Sa Miyerkules ang simula ng midterm exam. Departmental ang exam. Parehas umaga ng Miyerkules ang iskedyul ng English at Filipino. Kaya bago mag-lunch break ng Martes, kailangang naipadala na nila sa bawat building ang mga gagamitin sa exam. Kaya nagsipunta sila kahit Linggo para mag-collate.

"Naglaba," bungad ni Donna kay Meann, na nakasimangot dahil ngayon lang siya dumating. Nananakit pa ang mga braso niya. Nagbo-boarding house lang siya. Wala siyang budget para magpa-laundry. Hindi naman siya makapaglaba tuwing Sabado dahil may masters siya. May dala siyang mga brown envelope at plastic envelope, na paglalagyan ng attendance sheet, scantron sheet at mga questionnaire. Kanya-kanya silang mga faculty member nang gastos sa gagamiting mga envelope.

Nag-calculator siya sa cellphone niya. May 33 units siya, 11 sections. (Mataas ang teaching load nila. Panggayuma ng administrator para hindi umalis ang mga teacher kahit mababa ang rate per hour.) Kailangan niyang makapag-stapler ng 550 questionnaires. Dalawang long groundwood paper na back-to-back ang exam kaya mas matatagalan siya kaysa last semester na one page na back-to-back.

"Ano ka ba namang bata ka," mataas ang boses ng coteacher niya nang sawayin ang anak. Pinaglaruan pala nito ang stapler. Kuyom sa palad ang sangkaterbang gamit nang bala.

Nagpaalam ang tatlong Filipino teacher.

"Uwi na?" tanong ng isa niyang ka-department.

"Mam naman, kaninang one pa kami rito."

Mayamaya pa, may mga umalis ulit.

May bayad daw dati ang collation. Kada faculty member ay P200. Malinaw kay Donna na hindi makatuwirang cost cutting ang pinapairal ng employer nila. Sa halip na mag-hire ng mga staff, silang mga teacher ang nagko-collate.

Pasado-alas-nuwebe, si Donna at si Meann na lang ang nasa faculty room. Patapos na si Donna nang maubos ang bala ng stapler. Wala nang laman ang nagkalat na mga kahon ng staple wire. Kinailangan pa nilang maghanap ng bala sa mga tindahan.

10:35 PM na sa cellphone ni Donna nang makatapos sila.

HINDI na halos nakapagbihis si Donna pagkauwi. Bagsak siya sa pagod at puyat. Kinabukasan, quarter to 10 na siyang nagising. Sa third period na niya siya nakapasok. Absent siya sa tatlong klase. Hinayang na hinayang siya sa nawalang P675. Nagunita niya ang stapler na naubusan ng bala dahil sa walang kabuluhang bagay.

# KANIN

"O, ano'ng tawag sa palay pag tinanggalan ng balat? Start tayo sa 'yo, hijo," itinuro ni Christell ang nasa dulong upuan.

"Bigas, Mam."

Naglagay siya ng arrow sa ilalim ng salitang *palay,* isinulat doon ang salitang *bigas.*

"E, pag isinaing ang bigas? Next."

"Kanin po."

Naglagay siya ng arrow sa ilalim ng salitang *bigas,* at isinulat ang salitang *kanin.* Dumodoble na sa paningin niya ang linya ng arrow. Lumalabo na ang salitang *kanin.*

Pangatlong taon nang Filipino teacher ni Christell sa pampublikong pamantasang iyon. Full- timer siya noong unang dalawang taon. Ngayong ikatlo, sapagkat alanganin ang Filipino subject sa college dahil sa pagtatanggal ng Korte Suprema sa temporary restraining order sa Filipino at Panitikan na nagliligtas sa mga ito mula sa kamandag ng CHED memorandum bilang 20 series of 2013, 15 units lang ang ibinigay sa kanya. Sa rate niyang P230 per hour, sumasahod lang siya ng trese mil kada buwan. Gross. Bababa pa iyon dahil hindi bayad ang mga part-timer tuwing may class suspension, maski tuwing regular

holiday. At may apat na araw na suspension nitong Agosto dahil sa habagat, at may dalawang holiday. Tatlo o apat na libo na lang ang sasahurin niya.

"E, sa tirang kanin sa kaldero? Sunod."

"Lamig, Mam."

"Linawin natin, a. Kaning-lamig. Baka kasi isipin, lamig sa katawan. Aba, di kinakain 'yon."

Tawanan.

"E, pag ipinrito natin ang bahaw o kaning-lamig? Next."

"Sinangag, Mam."

Napalunok siya ng laway. Na-imagine niya ang sinangag na maraming bawang at may hiwa- hiwang hotdog.

"Ano naman ang tawag sa kanin na nalaglag sa sahig o napunta sa siko habang kumakain?"

"Dumi po."

Tawanan.

Napahawak si Christell sa whiteboard. Lumakas ang tawanan. Akala ng mga bata, umaarte siya dahil sa maling sagot.

Laging may baong Skyflakes at tubig si Christell. Pantawid-gutom. Pero di sa lahat ng pagkakataon, naitatawid siya ng mga ito.

“Okay, balik tayo sa bigas. Ano’ng tawag sa bigas na ginagawang kakanin?”

“Malagkit po.”

Tinatalakay niya ang kaugnayan ng wika sa kultura. Mamaya, itatanong niya kung ano ang Ingles ng “palay,” “bahaw,” “sinangag,” “malagkit,” at iba pa. At itatanong niya kung bakit kaya walang Ingles ang karamihan sa mga salitang nabanggit.

“Pag giniling ang malagkit, ano na’ng tawag?”

Nakakunot ang noo ng susunod. Halatang hindi alam ang galapong. “

Nagsisimula sa ‘G,’” sabi ni Christell.

“Gawgaw, Mam!”

Naghagalpakan ang buong klase. At nilunod ng malakas na tawanan ang malakas na atungal ng kanyang bituka.

## MAKE-UP CLASS

Nakapangalumbaba si Lalaine habang nakatingin sa bintana. Lumalatag na ang dilim. Binilang niya ang mga estudyante niya. Kinse. 6:16 PM na sa relo niya. Kailangan na niyang magsimula. Iniabot niya sa estudyante ang attendance sheet.

Dalawang araw na walang pasok noong nakaraang linggo dahil sa habagat. No-work no pay silang mga part-timer. Sa dalawang araw na class suspension, para siyang nawalan ng P1,500.

Nang sumunod na meeting, kinausap niya agad ang mga estudyante niya. Ipinaliwanag na kailangan nilang mag-make-up class para mas maintindihan nila ang taxation. Unahan lagi sa pagpapa-schedule ng make-up class. Kapag marami nang make-up class schedule sa iba't ibang subject ang mga estudyante, mahihirapan nang magpa-schedule ang babagal-bagal na mga part-timer.

"Para di kayo mahirapan sa exam." Nakita niyang nakasimangot ang iba.

Nakapagpa-schedule siya ng make-up class sa bawat klase niya. Isang make-up class kada araw, 6:00-7:30 PM. Natuwa siya nang balikan niya sa faculty secretary ang request form. Aprubado ng dean, kahit medyo gabi na para sa mga estudyante.

Pero ngayon, habang tinitingnan niya ang mga estudyante niya, nananatiling bagsak ang kanyang mga balikat. Kailangang umabot sa kalahati ang mga dadalo sa make-up class, kung hindi ay hindi siya mababayaran. Forty-eight ang estudyante niya sa seksiyong ito. Kailangang nasa 24 man lang ang dumating.

Nagsimula na siyang magklase. Tinalakay niya ang tax exemption. Natitigilan siya tuwing bubukas ang pinto.

HABANG naglalakad pabalik sa faculty room, nakatingin si Lalaine sa numerong 23 sa attendance sheet, na sinulatan at pinirmahan ng huling nag-attendance. Naalaala niya ang dati niyang estudyante. Nang wala pang official class list at sa yellow paper lang siya nagpapa-attendance, nahuli niya itong nandaya. Absent ang boyfriend pero ini-attendance. Sa dami ng naging seksiyon niya, ilan kaya ang gumawa ng ganoon? Naisip niya ang tuition ng estudyante, P40 thousand plus kada semestre. Sa laki ng tuition, bakit hindi bayad ang mga part-timer kung mawalan ng klase? Hinahabol naman nila sa pamamagitan ng extra work ang talakayan. Extra work din ang pagpa- file at pagka-conduct ng make-up class. Hindi pa nakasisiguro kung mababayaran ang teacher.

Sa faculty room, kinuha niya ang index cards ng section niya kanina. Naghanap siya ng index card ng estudyanteng absent sa make-up class at may pinakasimpleng pirma.